

# Qinintuang Bahaghari

Mga Kwento ng Pagdurusa, Katapangan,  
Tungkulin at Pagmamahal ng mga  
Nakatatandang Filipino LGBTI Persons



**sage** Advocacy &  
Services for  
LGBTQ+ Elders  
We refuse to be invisible®

 **OUTRIGHT  
INTERNATIONAL**

 **EnGenderRights, Inc**  
Asserting Gender Equality

**Mga  
Manunulat/Editor:  
Ging Cristobal  
Clara Rita Padilla  
Annette Visbal  
Grace Poore**

**Ginintuang Bahaghari:  
Mga Kwento ng Pagdurusa, Katapangan,  
Tungkulin at Pagmamahal ng mga  
Nakatatandang Filipino LGBTI Persons**



# Panimula

Ang **Ginintuang Bahaghari: Mga Kwento ng Pagdurusa, Katapangan, Tungkulin at Pagmamahal ng mga Nakatatandang Filipino LGBTI Persons** ay isang koleksyon ng mga kwento ng mga nakatatandang lesbyana, bakla, bi-sekswal, transgender, at intersex (LGBTI) persons sa Pilipinas. Itinatampok ng kanilang mga kuwento ang buong-buhay na diskriminasyon na naranasan nila, kabilang ang karahasan sa pamilya, at ang mga epekto nito sa kanilang buhay mula pagkabata hanggang sa kanilang pagtanda. Nagbahagi rin sila ng mga kwento ng kung paano nila nalampasan ang mga pagsubok sa buhay, ng kanilang mga kontribusyon sa lipunan, at kung ano ang ninanais nila para sa mga susunod na henerasyon ng mga LGBTI persons sa Pilipinas.

Ang 13 na mga storyteller na itinampok sa aklat na ito ay kabilang sa 103 na kalahok sa survey na isinagawa noong 2022 ng EnGendeRights Philippines at Outright International sa tulong ng isang LGBTI elders advisory committee. Ang survey ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa buhay ng mga Filipinong LGBTI persons na may edad 50 hanggang 75 taon. Ang mga tema ng paglalahad ng buhay sa Ginintuang Bahaghari ay nagmula sa mga pangunahing isyu na lumabas sa survey. Ang mga natuklasan ng survey ay inilathala sa Ingles at Filipino Factsheet na makikita sa website ng Outright:

<https://outrightactionint.prod.acquia-sites.com/sites/default/files/2023-06/Phils%20EGR%20Outright%20English%20FactSheet.pdf>

<https://outrightactionint.prod.acquia-sites.com/sites/default/files/2023-06/Phils%20EGR%20Outright%20Filipino%20FactSheet.pdf>

Ang EnGendeRights Philippines at Outright International ay nagtipon ng mga kwento para sa Ginintuang Bahaghari sa pamamagitan ng mga personal na panayam sa Zoom at sa telepono. Ang mga miyembro ng LGBTI elders advisory committee ang nagsalin sa lokal na wika para sa mga storyteller, nag-outreach, at tumulong sa pag-aayos ng mga panayam. Ang lahat ng mga kwento ay naitala at na-transcribe na may pahintulot mula sa mga storyteller. Ang Outright International ang nag-edit ng storybook. Kasama sa proseso ng pagkolekta ng kwento ay ang paggamit ng wellness protocol. Naglabas ang Outright International ng gabay ukol sa epektibong paglalahad ng mga nakatatanda. Nagsagawa ang Philippine team ng wellness workshop at nagbigay ng access sa isang Filipino mental health professional na eksperto sa LGBTI affirmative counseling at psychological first aid.

Ang Ginintuang Bahaghari ay bahagi ng LGBTI Elders Advancing Project, na sinuportahan ng SAGE USA. Ito ay inilathala sa Ingles at Filipino. Maaaring makakuha ng kopya nito sa website ng Outright.

## Mga Mensahe

Mula sa SAGE, lubos naming ikinararangal na makapagbigay ng aming suporta sa napakahalagang gawaing ito. Kadalasan, ang mga tinig at buhay ng mga nakatatandang LGBTI persons ay hindi pinakikinggan at isinasangtabi. Ang pagbabahagi ng kwento ng buhay ng isang tao, tulad ng ginawa ng mga nag-ambag sa storybook na ito, ay isang napakatapang na pagkilos at pagpapamalas ng kapangyarihan. Ang mga salaysay na nakapaloob sa mga pahinang ito ay hindi lamang mga kwento—ang mga ito ay malalim na patotoo sa walang pag-aalinlangang pagpapamalas ng katapangan at katatagan ng mga nakatatandang LGBTQI persons, hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Salamat sa lahat ng mga nag-ambag upang matanaw ang nakaraan, sa mga pag-aaral ng kasalukuyan, at sa mga tagapag-ilaw ng daan na gumagabay sa amin patungo sa buhay sa hinaharap na may dignidad at may kagalakan.

Sa pagkakaisa,

**Hannah Yore**

Direktor ng International Programs, SAGE

Pagbati sa Outright International, EnGendeRights, Inc. at sa lahat ng bahagi ng LGBTQ Community!

Ang paglilimbag ng librong Ginintuang Bahaghari: Mga Kwento ng Pagdurusa, Katapangan, Tungkulin at Pagmamahal ng mga Nakatatandang Filipino LGBTI Persons, na naglalaman ng mga kwento ng pakikibaka sa buhay, mga pangarap at mga ambag ng mga lesbyana, bakla, transgender at mga intersex sa ating lipunan, ay nagdala ng usaping ito sa kaibuturan ng panlipunang kamulatan ng daan-daang taon ng diskriminasyon at hindi makataong pagtrato sa mga taong itinuturing ng lipunan na kakaiba. Ngunit kung iisipin, lahat naman tayo ay magkakaiba.

Nawa ay maging instrumento ng pagbabago ng kaisipan at pakikitungo ng lipunan sa LGBTQ community ang librong ito. Nawa ay maging daan ito sa pagbubukas ng kaisipan, pagtanggap, pagpaparaya, at pagrespeto sa kanila bilang mga kapwa-tao, na sa mga nakalipas na panahon ay nag- ambag sa lahat ng larangan ng ating buhay.

Sa ngalan ng Anti-Poverty Commission Senior Citizen Council, na isa sa mga, kung hindi man pinaka bulnerableng sektor sa lipunang Pilipino, nakikiisa kami sa inyo sa napakahabang laban para sa karapatang pantao, katarungan at pantay na oportunidad. Sa ating mga LGBTQ persons na mga kapwa nakatatanda, parating na ang umaga. Laban lang.

**Salvacion Basiano**

Sectoral Representative, National Anti-Poverty Commission Senior Citizens Sectoral Council

*Assalamualaikum.*

Ang Komisyon, bilang National Human Rights Institution ng bansa at bilang Gender Ombud, ay malugod na nagagalak sa paglalathala ng unang aklat ng mga kwento tungkol sa nakatatandang LGBTQI persons sa Pilipinas. Pinupuri ng Komisyon ang Outright International at EnGendeRights para sa pagsasagawa ng proyektong ito at sa pagpapakita ng mga buhay na karanasan ng mga nakatatandang LGBTQI persons. Ang mga LGBTQI persons ay nakaranas sa buong buhay nila ng iba't ibang anyo ng stigma, diskriminasyon, at pagbubukod. Ang hindi pagkakapantay-pantay na ito ay lumalala habang nagkakaedad. Ang storybook ng Outright at EnGendeRights ay nagpapakita ng mga karanasang ito sa pamamagitan ng buhay ng nakatatandang LGBTQI persons na nagbahagi ng kanilang mga kuwento. Kasabay ng mga kwento ng diskriminasyon at pagtatangi, mayroon ding mga kwento ng lakas at paglaban, at pag-angkin ng mga karapatan at pagkakaisa.

Umaasa ang Komisyon na ang storybook na ito ay magbibigay daan hindi lamang para sa higit na kakayahang makita at pagkilala sa mga buhay na karanasan at mga isyu sa karapatang pantao na nararanasan ng mga nakatatandang LGBTQI persons, kundi para din sa paglikha ng kaaya-ayang kapaligiran para sa ganap na pagtatamasa ng mga karapatan ng nakatatandang LGBTQI persons.

Naninindigan ang Komisyon kasama ang LGBTQI community, at kasama ang Outright International at EnGendeRights sa patuloy na pagsulong tungo sa isang malaya at pantay na mundo, kung saan ang lahat ng tao, kabilang ang nakatatandang LGBTQI persons ay matamasa at itaguyod ang kanilang karapatang pantao at batayang kalayaan sa lahat ng larangan.

*Insha Allah.*

**Atty. Faydah Maniri Dumarpa**

Focal Commissioner sa Kababaihan at LGBTQI, Komisyon ng Karapatang Pantao

# Pasasalamat














Ang Ginintuang Bahaghari: Mga Kwento ng Pagdurusa, Katapangan, Tungkulin at Pagmamahal ay binuo nina Clara Rita Padilla at Annette Visbal mula sa EnGendeRights Philippines at Ging Cristobal mula sa Outright Philippines. Si Grace Poore mula sa Outright International ang nag-edit ng storybook. Taos-puso kaming nagpapasalamat sa SAGE USA para sa pagsuporta sa proyektong ito.

Lubos kaming nagpapasalamat sa mga nakatatandang LGBTI persons na bukas-palad na nagbahagi ng kanilang mga kwento. Nagpapasalamat din kami sa mga naging tagapanayam, mga miyembro ng Elders Advisory Committee, at mga volunteer data gatherers.

Nagpapasalamat din kami sa mga tagapagsalin at mga miyembro ng Older LGBTIQ Persons Activist Circle (OLPAC), Twyla Rubin ng Philippine Commission on Human Rights Gender Equality and Human Rights Center (GEWHRC) sa pag-uugnay sa pagbisita sa Mandaluyong Women's Correctional Institute, at Yeng Gatchalian ng MindCare at Psychological Association of the Philippines LGBTIQ Special Interest Group para sa pagbibigay ng libreng pagpapayo sa mga kalahok sa proyekto.



## Talaan ng mga Nilalaman

	Rey .....	Page 8
	Zeny .....	Page 13
	Jojo .....	Page 17
	Magnolia .....	Page 20
	Iman .....	Page 24
	Donnah .....	Page 27
	Melay .....	Page 30
	Donna .....	Page 33
	Cora .....	Page 36
	Ibrahim .....	Page 39
	Thyra .....	Page 41
	Jean .....	Page 43
	King .....	Page 46

# Rey

bakla, 62, Pasay City, nagtatrabaho bilang part-time

**Ako ay ginintuan, hindi huli para mangarap at magbigay ng inspirasyon sa iba. Ang aking kahiligan ang siyang nagbibigay daan sa aking tadhana.**

## Lumaking Bakla

Ipinanganak at lumaki ako sa Sampaloc, Maynila. Mayroon akong apat na kapatid na babae at apat na kapatid na lalaki. Ako ang bunsong anak.

Sa abot ng aking ala-ala, mula pagkabata, ang alam ko, bakla na ako. Mahilig akong makipaglaro sa aking mga kapatid na babae, at mahilig akong magluto at maglaro ng manika at mga laro na nilalaro ng mga babae, tulad ng Jackstones, Chinese garter, at pikô. Nagkaroon din ako ng crush sa mga gwapo. Inaasar ako ng mga kaedad ko, kinukutya, at tinatawag akong, 'Bakla, bakla'. Hindi ito nakabahala sa akin dahil alam kong ito ay totoo. Sa high school, may kaklase akong bakla din. Naging malapit kami sa isa't isa. Lagi kaming magkasama sa lahat ng bagay na ginagawa namin. May mga panahon pa na tumatakas ako sa bahay namin at pupunta ako sa bahay nila dahil doon din nakatira ang crush ko.

Noong dekada ng 1970, napakalakas ng homophobia at relihiyoso ang pamilya ko. Sinasabihan ako ng aking mga kapatid na lalaki na huminto sa pagkilos-babae upang maiwasan ang mga problema. Pinapadapa ako ng tatay ko sa bangko, at hinahampas ng sinturon tuwing babalik ako mula sa bahay ng kaibigan kong bakla. Binubugbog din ako ng mga kapatid kong lalaki—dinadagukan, sinisipa at sinasampal ako kapag nalalasing sila. Sinasabihan ako na kahihyan ang pagkakaroon ng bakla sa pamilya at dapat kumilos ako na isang tunay na lalaki upang maiwasan ang gulo. Ngunit ito ay kabalintunaan dahil mismong ang aking sariling ama at mga kapatid na lalaki ang umaabuso sa akin. Ang aking ina lamang ang nagtatanggol sa akin. Ngunit dahil sa mga nangyayari, naaawa na rin ako sa aking ina.



Lubha akong nalungkot sa sitwasyon kaya napilitan akong umalis ng bahay. Pumunta ako sa bahay ng kaibigan ko. Sa bahay ng kaibigan ko, tinanggap ako nang buong puso. Ngunit natunton ako ng aking ama, na nagdala pa ng isang piraso ng kahoy upang ako ay bugbugin. Nag-aalala ako para sa kaligtasan ng aking kaibigan, kaya umalis ako. Ako ay patuloy na nagtago at nagpalipat-lipat ng bahay ng mga kaibigan.

Hindi naglaon sa kalye na ako natutulog kasama ang iba pang mga kapwa ko bakla na lumayas din mula sa kanilang mga tahanan. Ang portiko ng simbahan ang naging kanlungan namin. Ang hagdan ng simbahan ang aming entablado, ang hardin ng simbahan ang nagsilbing auditorium namin. Kasama ang iba pang mga batang bakla mula sa mga kalapit na barangay, dito kami naglalaro at nangangarap na nasa isang beauty pageant. Sa maliit na espasyong ito, naging masaya kami. Nakatulong ito sa akin at sa aking mga kaibigan na patuloy na mabuhay sa kabila ng gutom at malamig na mga semento. Nalulungkot kami ngunit natutuwa na nasa likod namin ang isa't isa sa hirap at ginhawa.

Namuhay kami ng mga kaibigan ko bilang mga bakla. Hindi namin itinago ang aming pagiging bakla kahit na kami ay nadidiskrimina at inaabuso sa pagpapahayag ng aming sarili. Lagi kaming binu-bully, tinatawag kami ng kung anu-anong pangalan, binabastos kahit na naglalakad lang sa kalye. Binabato kami ng bote ng mga lalaking tambay sa kalye at sa labas ng mga bar. Sinusuntok kami kahit wala kaming ginawang masama sa kanila dahil lamang galit sila sa mga bakla. Kadalasan, hindi kami lumalaban. Tumatakas o nagtatago na lang kami dahil ayaw naming malaman ng aming pamilya na kami ay nasa ganitong kaawa-awang sitwasyon. Natuto kaming umiwas sa gulo. Kung may makakasalubong kaming mga lalaking lasing, mag-iiba na lang kami ng daraanan.




## Buhay sa Trabaho

Nagtrabaho ako kasama ng mga kaibigan kong bakla. Naglaba at naglinis ng mga bahay ng mga kakilala namin para kumita at makakain. Nang maglaon, natuklasan namin na may talent pala kami sa pagsayaw at pagkanta. Kumikita kami sa pag-caroling tuwing Pasko at sumasali sa mga patimpalak tuwing may fiesta. Nagtatag kami ng grupo na tinawag naming na Midnight Sward (salitang lansangan na ibig sabihin ay bakla) at naimbitahan kami ng isang talent agency na gumawa ng mga palabas sa Japan. Dalawang kontrata ang natapos ko sa ahensyang ito ngunit hindi na ako bumalik dahil hindi ko kinaya ang taglamig.

Sa halip, nagtrabaho ako sa mga lokal na nightclubs sa Pilipinas, nagtatanghal ng mga variety shows sa Pampanga, Baguio, Zamboanga, Cebu, Iloilo, Cagayan de Oro. Naglibot kami sa loob ng anim na taon. Nag-perform din ako sa Miss Universe Night Club sa Pasay City na sikat sa mga turistang Hapon at Tsino. Ngunit habang tumatanda ang aming dance group, tumatanda din ang aming mga katawan. Dumating ang panahon na kinukutya na kami ng mga tao at sinasabihang, 'Matatanda na, mga mukhang aswang'. Tumigil na ako sa mga palabas at nagsimula akong magtrabaho bilang isang beautician at make-up artist para sa mga mas batang babaeng performers sa mga nightclubs.

Ang reflexology ang naging tulay upang makalipat ako ng propesyon mula sa pagiging performer. Naging massage therapist ako. Inalok ko ang aking mga serbisyong pagmamasaha batay sa kakayahang magbayad ng aking mga kliyente. Nangingil ako ng 300 pesos para sa mga kliyenteng may kakayahang magbayad at nagmamasaha din nang libre sa mga nakatatandang kapitbahay. Nagbigay din ako ng libreng masaha sa kalye sa mga taong naka-wheelchair, libreng gupit sa mga nakatatanda, at libreng make up para sa mga magtatapos na estudyante mula sa high school, unibersidad, vocational schools, cosmetology schools, at marami pang iba. Kinilala ng mga tao ang aking talento at dumami ang aking referrals. Ang pagmamasaha at pagiging beautician ang naging paraan ko para magkaroon ng dagdag na kita bukod sa drag performances.

Noong bata pa ako at mas malakas pa, mas marami akong nagagawa. Kaya kong mag multi-task at kumita ng mas maayos. Noong nangailangan ng pera ang mga kapatid at kaibigan ko, tinulungan ko sila. Nag-ambag din ako para makapag-aral ang mga pamangkin ko. Kapag Pasko, Bagong Taon, mga kaarawan, Araw ng mga Kaluluwa, nagdadala ako ng pagkain para sa aking mga kamag-anak. Tuwing Pasko, para akong Santa Claus, pumipila ang mga pamangkin ko para sa aking mga cash gifts.



## **Pabahay**

Noong 2015, 54 taong gulang ako, pinakilala ako ng isang kaibigan sa Golden Gays, isang grupo para sa mga tumatandang bakla. Ito ay sinimulan noong 1975. Dati silang mayroong tahanan na nag-aalaga ng mga nakatatandang bakla na nangangailangan ng tirahan na tinawag na Home for the Golden Gays, na pag-aari ni Justo Justo, isang aktibista ng AIDS, kolumnista, at konsehal ng Sanggunian Panlungsod ng Pasay. Ngunit ang tahanan ay nasunog at sa kalaunan ay giniba na. Kaya tumira sa aking apartment ang ilan sa mga residente. Limang taon silang nanatili sa akin hanggang 2020.

## **Pakikipagrelasyon**

Nagkaroon ako ng ilang relasyon. Mayroon akong naging karelasyon na estudyante, ang isa ay napaka-toxic, at marami pang iba. Sa huli ay nawalan ako ng interes sa mga relasyong live-in.

## **Pandemya ng Covid-19**

Nang tumama ang pandemya ng Covid-19, nagsara ang mga nightclubs at beauty parlors. Napakahirap magtrabaho dahil sa mga lockdowns, mas lalong mahirap para sa aming mga nakatatandang LGBTI persons. Kinailangan kong humanap ng paraan para magtipid sa bigas, tubig at kuryente dahil napilitang magsara ang salon na pinagtatrabahuhan ko at wala akong kinikita. Nagtiis ako ng gutom. Kumakain ako ng kanin na ang ulam lamang ay asin o toyo. Hindi ako nakabayad ng renta sa bahay sa loob ng anim na buwan. Wala akong pera kahit pamasaha at kinailangan kong maglakad kung saan-saan para lamang makahanap ng ayuda (pinansyal o libreng grocery).

Noong Setyembre 2020, sa panahon ng pandemic quarantine, karamihan sa mga beauticians mula sa Baclaran area (sa Metro Manila) ay bumuo ng isang grupo ng nakatatandang LGBT persons na mahihirap na walang permanenteng tahanan at nakatatandang LGBT persons na may kapansanan. Pinangalanan namin ang aming grupo na Golden Bekis. Dahil wala kaming trabaho, nagkaroon kami ng maraming oras. Gumawa kami ng mga video blog sa Facebook at YouTube para kumita ng pera. Sa pamamagitan ng social media, nalaman ng publiko ang tungkol sa buhay namin. May mabubuting puso na nagpadala sa amin ng grocery bags. Ang mga estudyante na nag-iinterview sa amin para sa kanilang thesis at term paper ay nag-aabot ng donasyon ng pera o grocery items bilang pasasalamat.



Ang pandemya ay nagturo sa akin na alagaan ang aking kalusugan at regular na uminom ng mga gamot. Tinulungan ako ng mga pamangkin ko pero ayokong umasa sa kanila dahil mayroon na rin silang sariling pamilya. Noong lumuwag na ang kalagayan noong 2021, bumalik ako sa trabaho sa beauty salon ngunit hindi ito nagtagal dahil kakaunti pa rin ang mga kliyente. Kaya, bumalik ako sa pag-perform sa mga drag events ng mga korporasyon na nag-iimbita sa amin.

### **Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Buhay sa Hinaharap**

Kahit na kumikita ako mula sa pagtatrabaho sa beauty salon, pagbibigay ng reflexology massage, at pagperform sa drag events, nag-aalala pa rin ako sa aking pang-araw-araw na gastos tulad ng tubig at kuryente. Natatakot akong mawalan ng tirahan kung hindi ako makabayad ng renta at hingin ng nagpapaupa na umalis ako. Nakakaramdam na ako ng pananakit ng kasukasuan at kalamnan. Nag-aalala ako sa paunti-unting paghina ng katawan, pagkawala ng kakayahang maisagawa ng maayos ang aking mga gawain, umakyat ng hagdan ng footbridge, at kumilos nang kasing bilis ng dati. Natatakot ako na baka mawalan ako ng trabaho at maging sobrang desperado na kailangan kong magmakaawa ng tulong. Sino ang tutulong sa akin kapag mahina na ako? Kung maibabalik ko lang ang panahon, sana ipinagpatuloy ko ang aking pag-aaral at nakatapos ng kolehiyo para makakuha ng mas magandang trabaho at magkaroon ng mas magandang buhay.

Layunin ko ang pagtatayo ng Tahanan para sa Golden Bekis, pagtitipon ng mga mapagkawanggawa at masigasig na mga tao upang lumikha ng isang tahanan para sa mga LGBTI persons na walang tirahan at walang trabaho upang tayo ay mamuhay nang sama-sama at tumulong sa isa't isa sa kabuhayan upang tayo ay manatiling matatag at masigla. Ang aming pinapangarap na tahanan ay maaari ding magbigay ng suporta at inspirasyon sa mga kabataang LGBTI persons.

### **Mensahe Para sa LGBTI Youth**

Hindi man ako mayaman, nakakatulong pa rin ako sa mga kaibigan at iba pang LGBTI seniors sa Golden Bekis sa pamamagitan ng pagiging mapamaraan, lakas ng loob at tapang sa pagharap sa buhay. Lahat tayo ay may karapatang mamuhay nang payapa at may pagkakapantay-pantay. Mayroon lamang tayong isang buhay at isang mundo upang maibahagi sa lahat kaya tayo ay rumespeto para tayo ay irespeto.



# Zeny

lesbyana, 73, Pasay City, self-employed (nagtitinda ng beauty products)

**Inihahambing ko ang aking buhay sa isang puno ng kawayan. Sa panahon ng bagyo, maaari akong bumagsak ngunit babangon muli upang makatulong at maging kapaki-pakinabang sa ibang tao.**

## **Lumaking Tomboy**

Mula pagkabata, nakaranas ako ng mapanuyang tingin mula sa publiko, at iniwasan o binubully ako ng mga tao. Itatago ko na lang ang nararamdaman ko at iiyak mag-isa. Nasa grade school ako nang mapansin kong naaakit ako sa mga kaibigan kong babae. Masarap ang pakiramdam ko sa tuwing kasama ko ang babaeng crush ko. Madalas akong tumatambay kasama ang mga kaibigan kong lalaki. Hindi ako kailanman nagsuot ng damit (bestida) at mas gusto ko ang maikling gupit (ng buhok), short pants at kamiseta.

Pagtuntong ko ng sa high school, naging malinaw sa akin na ang gusto kong makasama sa buhay ay babae. Nakikihalubilo ako sa mga lalaki na bumibisita sa mga babaeng nililigawan nila at sumasama sa mga kaibigan kong lalaki sa kanilang pagharana sa mga nililigawan nilang mga babae. Pinapagalitan ako ng mga magulang ko dahil sa paggala sa labas ng bahay hanggang madaling araw kasama ang mga kaibigang lalaki.

Natapos ko ang aking ikatlong taon sa high school ngunit hindi natapos ang aking ikaapat na taon dahil mas abala ako sa pakikisalamuha sa aking mga kaibigang lalaki. Kadalasan, hindi ko napapasukan ang mga klase ko sa umaga. Pinilit ako ng aking mga magulang na magpakasal na lang dahil hindi na ako interesadong magpatuloy sa aking pag-aaral.



## Buhay May-asawa

Sinunod ko ang kagustuhan ng aking mga magulang at nagpakasal ako noong 1968 sa isang lalaking mas matanda sa akin ng sampung taon. Ako ay 18 taong gulang. Ikinasal kami sa harap ng isang huwes. Naka short pants lang ako noong ikinasal kami. Nagbiro pa ang huwes at nagtanong ng ‘nasaan ang nobya?’

Hindi ako naging masaya sa aking buhay at hindi ako nakaramdam ng pagmamahal sa aking asawa. Hindi kami nagkaroon ng anak. Hinayaan lang ako ng asawa ko na gawin ang mga gusto kong gawin at kalaunan ay natanggap na rin niya na hindi kami para sa isa’t isa at babae talaga ang gusto kong makasama sa buhay. Namatay ang aking asawa sa edad na 50. Ako ay 40 taong gulang noon. Nabuhay akong may-asawang lalaki sa loob ng 22 taon. Umalis ako sa Bulacan (probinsya sa Central Luzon) kung saan ako nakatira kasama ang aking asawa at lumipat sa Pasay City (Timog ng Maynila).

## Buhay sa Trabaho

Dahil isa akong tomboy, nahirapan akong maghanap ng mga trabaho para sa mga babaeng aplikante tulad ng sales lady sa mga department store dahil sa aking boyish na itsura. Mas gusto ng mga tindahan ang mga aplikante na karaniwang pambabae ang itsura, nagsusuot ng bestida at naka-make-up. Sa kalaunan, nagkatrabaho ako bilang ahente sa printing press ng mga plastic bags na pag-aari ng tiyahin ko.

Sa Pasay City nakilala ko si Justo Justo o JJ. Siya ang kapitan ng barangay kung saan ako nakatira. Minsan, pumunta ako sa barangay para humingi ng tulong pinansyal. Nagpakilala ako sa kanya at nag-kuwento ako sa kanya na noong 23 taong gulang ako, kumanta ako sa programa niya sa telebisyon sa Channel 11 na siya ang host at producer. Doon nagsimula ang aming pagkakaibigan. Hiniling sa akin ni JJ na magtrabaho sa barangay, gumanap ng mga gawain doon at magwalis sa mga lansangan. Di naglaon, sumasama na rin ako bilang barangay tanod sa night watch o ronda bilang bahagi ng pagsisiguro ng kaligtasan ng barangay. Nagtrabaho ako doon ng 11 taon at nakakatanggap ng allowance na 500 pesos sa isang buwan.





Nang maging Konsehal ng Lungsod ng Pasay si JJ, ang kanyang ina ang pumalit sa kanyang posisyon bilang kapitan ng barangay. Malaki ang tiwala sa akin ng nanay ni JJ at itinuring niya akong miyembro ng pamilya. Kung hindi siya makakadalo sa isang paanyaya, ako ang dumadalo para sa kanya. Sa pagganap ng gawaing ito, nalantad ako sa diskriminasyon. Halimbawa, sa pagpupulong ng Parent-Teacher Association (PTA), iniwasan ako ng mga babaeng guro. Hindi nila ako kinakausap at hindi sila umuupo nang malapit sa akin. Para akong may nakakahawang sakit. Napapaluha na lang ako habang sinasabi sa sarili ko na, 'Tao rin naman ako'.

### **Pabahay**

Hindi ako nagkaroon ng regular na trabaho dahil na rin sa diskriminasyon na naranasan ko, kaya kahit murang pabahay ay hindi ako nakapagpundar.

Nang magbukas ang Home for the Golden Gays sa Pasay City, naramdaman kong nakahanap na ako ng tahanan at pamilya. Ang Home ay itinatag ni Konsehal JJ sa kanyang sariling tahanan. Humigit-kumulang 150 LGBTI persons na nakatatanda at kabataan ang nagtitipon sa isang apat na palapag na gusali upang matulog, kumain, at magsagawa ng mga palabas. Ang lugar na ito ang naging kanlungan ng mga LGBTI persons na lumayas o pinalayas sa kanilang mga tahanan. Nagbigay ito ng visibility sa mga LGBTI persons. Regular na pinapanood ng mga tao doon ang mga programang idinaraos namin sa Bonifacio Elementary School covered court tuwing Sabado at Linggo.

Nang mamatay si Konsehal JJ, ang ari-arian ay napunta sa kanyang mga kamag-anak at ang Home ay isinara. Ang mga walang tirahan na LGBTI persons ay muling bumalik sa mga lansangan, ang ilan ay nakitira sa kanilang mga kaibigan, at ang ilan ay nagtayo ng mga pansamantalang tahanan sa mga bakanteng lote kasama ang iba pang mga impormal na settler sa lungsod.

### **Pandemya ng Covid-19**

Sa kasagsagan ng pandemya, napakahirap para sa akin, pero sa tulong ng ilang indibidwal, kahit paano ay gumaan ito. Nakatanggap ako ng 1,500 pesos sa aking mga kaarawan mula sa lokal na Office for Senior Citizens Affairs. Nakatanggap ako ng isang beses na cash aid na 6,000 pesos mula sa Department of Social Welfare Development. Ang mga kaibigan ng Golden Bekis at ilang NGO ay nagbigay sa akin ng bag ng groceries.



## **Mga Pagmumuni-muni as Pagtanda At Pag-asa sa Hinaharap**

Ngayon higit sa 70 taong gulang na ako, wala akong matatag na kita, walang ipon, walang pensiyon mula sa gobyerno, at mag-isa akong nakatira sa isang pansamantalang pabahay. Masikip at maingay at nasa gitna ng magulong komunidad. Mayroon akong altapresyon at may diabetes ako. Sa edad ko, nahihirapan na akong magtrabaho. Sinisikap kong bayaran ang aking pang-araw-araw na pangangailangan at maintenance na gamot sa pamamagitan ng pagbebenta ng lipstick at make-up. May mga panahon na nanghihingi na lang ako ng pera sa mga kaibigan ko para makabili ng gamot. Nakakatanggap din ako ng kaunting tulong pinansyal sa pagdarasal ko sa mga lamay sa patay.

Happy-go-lucky ako noon, pero ngayon ay maingat na ako sa aking pagdedesisyon. Malaking tulong sa akin ang pananampalataya kasabay ng pagsusumikap na malampasan ang mga pagsubok. Madalas kong naaalala ang mga araw ng aming Home for the Golden Gays na may labis na kaligayahan at pananabik. Hindi kailanman naging katumbas ng dati nang mawala ang aming Home. Matindi ang aking pagnanais na maging bahagi ng pagtatatag ng isa pang tahanan para sa mga nakatatandang LGBTI. Umaasa ako na matulungan kami ng Pasay City na magtatag ng isang bagong tahanan para sa mga nakatatandang LGBTI persons na sapat ang laki para sa hindi bababa sa 50 katao. Bilang isang senior citizen, naniniwala ako na masidhi ang pangangailangan nang pagbigay tulong at pangangalaga sa atin.

### **Mensahe Para sa Kabataang LGBTI**

Natutunan ko na mahalagang maging mapagpakumbaba, magalang, mabait, at mapagbigay. Sana hindi tumakas sa bahay ang mga kabataang LGBTI. Habang ang kanilang mga magulang ay nagbabayad ng kanilang pag-aaral, dapat silang mag-aral nang mabuti upang sa kanilang pagtanda ay mayroon silang edukasyon na panghahawakan at hindi sila mamuhay sa kahirapan.



# Jojo

lesbyana, 60, nagsisilbi ng habambuhay na sentensiya sa Mandaluyong Correctional Institute for Women

## Nangangarap pa rin ng malaya at mapayapang buhay.



### Lumaking Tomboy

Ang aking pagkabata ay puno ng sakit mula sa aking ama at mga nakatatandang kapatid na babae. Walo kaming magkakapatid, nag-iisang lalaki ang panganay at ako ang pang-anim sa pamilya. Nagsimula akong maakit sa mga babae sa edad na anim na taon noong may magandang babae na bumisita sa aming bahay. Isa akong tomboy at ayaw kong magsuot ng mga damit na pambabae.

Nag-aral ako hanggang grade six ngunit nawalan ako ng gana sa pag-aaral at hindi na nakapagtapos ng elementarya dahil sa karahasang naranasan ko mula sa aking ama at mga kapatid na babae. Sa lahat ng kapatid ko, ako lang ang laging napapagalitan at sinusuntok araw-araw ng tatay ko. Kinukurot pa ako ng mga ate ko pagkatapos ng pambubugbog ng tatay ko. Ang aking ina ang tanging taong nagmamahal sa akin na laging umaawat sa tatay ko ngunit hindi nila pinapakinggan.

Binubugbog ako ng tatay ko dahil ayokong isuot ang puting damit na uniporme ko sa paaralan. Naalala ko, isang beses, inilagay ako ng tatay ko sa isang cabinet sa ilalim ng kalan at paulit-ulit na tinatadyakan. Malaki ang paa niya. Naalala ko din ang pag-iyak ng aking ina dahil wala siyang magawa upang pigilan ang aking ama.

Sa edad na sampu, nagtrabaho na ako. Nagbenta ako ng iniigib kong tubig sa poso sa aming mga kapitbahay. Gigising ako alas 5 ng umaga para magbenta ng tubig, papasok sa paaralan ng alas 7 ng umaga at magpatuloy sa pagtatrabaho pagkatapos ng klase. Ipinagpatuloy ko ang gawaing ito hanggang ako ay 15 taong gulang.

Nakatira ako kasama ng partner ko sa bahay ng aking magulang. Siya ay 17 at may dalawang anak. Nagawa kong tustusan ang pangangailangan nila sa pamamagitan ng pagtitinda ko ng tubig. Nagalit ang aking ama nang ipakilala ko sa pamilya ko ang partner ko at hilingin sa kanila na hayaan silang tumira sa bahay namin pero hindi naman siya galit sa kapatid kong lalaki na kasama din namin ang pamilya sa bahay namin. Naghiwalay kami ng partner ko pagkaraan ng dalawang taon dahil nagkaroon siya ng ibang karelasyon. Sa edad na 18, nagdadala na ako ng kutsilyo bilang proteksyon.

## **Buhay sa Trabaho**

Dahil grade six lang ang inabot ko, nagtrabaho ako sa construction bilang tagahalo ng semento para sa mga kalsada. Nagtrabaho din ako sa isang pabrika na naghahalo ng mga sangkap ng kendi.

Bago ako umabot sa 18, naging kaibigan ko ang mga holdaper. Ako ang nagsisilbing look-out nila para bantayan ang mga pulis habang nagnanakaw sa mga bar. Hindi naglaon, ako na ang nagpaplano ng pagnanakaw. Nasa edad 40 ako nang simula akong magbenta ng shabu (methamphetamine). Una akong nakulong noong 2009 sa Cebu dahil sa pagbebenta ng shabu at nakalaya pagkatapos ng dalawang taon noong 2011. Sinabi ko sa dati kong amo na gusto ko nang tumigil sa pagbebenta ng droga dahil gusto ko ng matiwasay na buhay dahil tumatanda na ako at ako rin ang nag-aalaga sa aking ina.

Noong 2013 ay muli akong inaresto dahil napag-initan ako ng isang undercover informant ng pulis nang tanggihan ko ang alok na gawing drug den ang bahay namin. Dahil dito, naging target ako ng isang police operation laban sa ilegal na droga. Itinuro ako ng undercover informant ng pulis bilang dating nagbebenta ng droga. Ni-raid ang bahay namin at nakakuha sila ng droga. Ngunit hindi iyon sa akin, ipinagpalagay ng pulis na bumalik ako sa pagbebenta ng droga dahil dati na akong naaresto sa pagbebenta ng droga.

## **Pabahay At Buhay ng Pamilya**

Nakilala ko ang partner kong si Rose (hindi niya tunay na pangalan) noong 1982, ako ay 20 taong gulang, siya ay 26. Noong 1984, umalis kami ng Maynila at bumalik sa Cebu upang manirahan kasama ang aking ina. Ako na ang nag-alaga sa aking ina dahil ayon sa mga kapatid ko single naman ako kahit alam nila na may partner ako. Inampon namin ni Rose ang pamangkin ko noong siya ay sanggol pa lamang matapos mamatay ang kanyang ina na siyang ate ko. Ang asawa ng aking ate ay isang lasenggo at hindi kayang alagaan ang bata. Ang aking pamangkin ay lumaki sa amin ni Rose at ngayon ay 28 taong gulang na.

Si Rose ang pinakamabait na taong nakilala ko sa buong buhay ko. Siya lang ang may regular na trabaho sa aming pamilya. Isa siyang cashier at naging isang researcher para sa isang kumpanya na hindi ko matandaan ang pangalan. Hindi siya umalis sa tabi ko. Sa unang limang taon na nakakulong ako sa Cebu, binibisita niya ako. Noong inilipat ako sa Correctional Institute for Women (CIW) sa Mandaluyong City sa Metro Manila noong 2019 bumisita pa rin si Rose sa akin. Enero 2020 ang huli niyang pagbisita. Nawalan kami ng contact. Nalaman ko na may sakit siya pero hindi ako sigurado kung buhay pa siya. Pinapayagan kaming makatawag sa telepono bawat linggo sa CIW kaya nagagawa kong tawagan siya pero hindi na niya sinasagot ang mga tawag ko.

## **Pagtanda sa Bilangguan**

Sa panahon ngayon, nahihirapan akong umihi dahil sa madalas na Urinary Tract Infection (UTI) habang nasa kulungan. Mag-e-enroll sana ako sa Alternative Learning System, pero nahihirapan akong maglakad papuntang second floor dahil sa arthritis sa mga binti ko.

Dinadalaw ako noon ng isa sa aking mga nakatatandang kapatid na babae sa bilangguan, ngunit sa nakalipas na limang buwan, sa tuwing tatawagan ko siya, hindi siya sumasagot. Nanlulumo ako kapag walang dumadalaw sa akin. Isa sa mga nakatatandang preso ang naging kaibigan ko at binibigyan ako ng pagkain na niluluto niya sa kanyang selda. Ngunit nakalaya na siya kaya umaasa na lang ako ngayon sa pagkain na nirarasyon sa CIW.

Nalulunasan ang kalungkutan sa pamamagitan ng pakikipagrelasyon sa ibang preso. Mayroon na akong partner dito, may tatlong buwan na kaming magkarelasyon. Walang ibang pwedeng gawin ang magkarelasyon dito kundi ang paghalik kapag nagkikita kami sa itinakdang oras na alas 4 hanggang alas 6 ng gabi. Pagkatapos ng dalawang oras ay kailangan na naming bumalik sa kanya-kanyang selda para sa headcount. Pagkatapos nito, maghapon at magdamag na naman kaming naka-lock sa loob ng selda.

Ako ay nagsisilbi ng habambuhay na pagkakakulong. Hindi ako nakapag-apela sa kaso ko noong nasentensiyahan ako dahil wala kaming pambayad sa abogado. Sinubukan kong humingi ng tulong sa mga opisyal ng gobyerno ngunit sinabihan akong maghintay ng hindi bababa sa 18 taon para makakuha ng executive clemency mula sa Pangulo (ng Pilipinas).

## **Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Pag-asa sa Hinaharap**

Umaasa pa rin akong mapatawad at makalaya. Mahirap ang mga kapatid ko, kaya kapag nakalaya ako, at mas matanda na ako sa mga panahon na iyon, hindi na ako makakapaghanapbuhay. Iniisip ko na lang na, kung makalaya ako, sana magkaroon ako ng pedicab kung saan pwede akong magtinda ng kape at pagkain.

Photo credit: Ging Cristobal



Photo credit: Ging Cristobal



# Magnolia

transgender woman, 57, Pasay City, part-time labandera

**Kulayan natin ang mundo ng kabutihan, kagalakan at pagmamahal.**



## Lumaking Trans

Pinalaki ako at ang aking kapatid ng isang single mom na nagtrabaho bilang isang kasambahay. Nakatira kami sa Pasay City. Simula bata pa lang ako, kontra na ang nanay ko sa pagiging transgender girl ko. Madalas niya akong pinapagalitan at sinasabunutan. Huwag daw akong magkilos-babae para hindi tukuhin.

Dumanas ako ng panghihiya sa lansangan at sa paaralan mula noong bata pa ako. Hindi nawawala ang panunuya at tinatawag akong, 'Bakla! Bakla!' para lamang magalit ako. Noong nasa grade four ako, hinila ng aking guro ang buhok ko at sinabihan akong magpagupit. Ayokong sumunod sa gusto nila na ang mga lalaki ay dapat gupitan ng crew-cut kaya hindi na ako pumasok sa paaralan. Dalawang beses akong huminto sa pag-aaral dahil pinipilit akong magpagupit ng buhok. Hindi rin ako nakadalo ng graduation dahil gusto ng paaralan ko na ipaputol ko ang buhok ko na noon ay hanggang balikat katulad ng buhok ni Whitney Tyson (isang Pilipinang artista at komedyante).

Hindi na ako nakatuntong ng high school dahil hindi na kaya ng nanay ko na tustusan angpagkain, uniporme, proyekto sa paaralan, at iba pang gastusin. Ayoko naman pumasok sa mga pampublikong paaralan dahil na rin sa hair-cut policy para sa mga lalaki. Gusto ko sanang mag-aral sa isang pribadong paaralan kung saan walang patakaran sa hairstyle ng mga estudyante pero wala kaming pera.



## Buhay sa Trabaho

Sa halip na mag-aral ng high school, naglalabandera ako sa mga kaibigan at kapitbahay para kumita ng pera at makatulong sa aking nanay sa pang-araw-araw na gastusin. Nag-sideline, din ako bilang manikurista. Naranasan ko din ang diskriminasyon mula sa mga customer na nagpapalaba ng mga damit. May ilan sa kanila na naririnig kong nagsasabi na hindi sila nagpapalaba sa mga bakla ng underwear ng asawa at ng mga anak nilang lalaki.

Malaking bahagi ng kabataan ko ay ginugol ko sa lansangan kasama ang mga kaibigan--nakikipaglandian sa mga dayuhan sa Nayong Pilipino Park malapit sa paliparan. Minsan ay nakikipagtalik ako sa mga lalaki kahit hindi ko kakilala. May mga dayuhan na kapag nakipagtalik sa akin, binibigyan ako ng pera. May mga pagkakataon na hinahabol kami ng mga security guards ng parke, at sinisigawan kami ng mga parkgoers ng "Bakla! Nagsimula ng HIV"!

Minsan, pinaghinalaan kami ng pulis na nagbebenta ng droga. Dinala kami sa istasyon ng pulisya, inusisa, hinubaran, at ikinulong. Isang pulis ang nang-insulto sa akin at sinabing, 'Pa bra ka pa' (may suot ka pang bra). Sinuntok ako ng pulis sa dibdib, ninakaw ang kinita kong pera mula sa paglalaba, at pinilit akong makipagtalik sa kanya. Pinilit din ako ng pulis na maglinis ng kubeta. Kinabukasan, pinalaya din nila ako dahil sa kawalan ng ebidensya. Dahil ninakaw nila ang pera ko, wala akong pamasaha at kinailangan kong maglakad pauwi mula 9 ng umaga hanggang alas 2 ng hapon.

## Nakilala ang Aktibismo

Nakilala ko ang mga organizer ng K2BGay sa Nayong Pilipino Park noong 1992 nang magsagawa ang organisasyon ng mga talakayan tungkol sa HIV prevention. Dumalo ako sa kanilang mga seminar at hiniling nila sa akin at sa aking mga kaibigan na magperform sa kanilang mga events. Noon ko naramdaman ang halaga ko sa gay community. Sa wakas ay may nagawa akong mabuti. Nang maglaon, naging miyembro ako ng K2BGay at natanggap na tapaglaba sa Population Services Pilipinas Inc. (PSPI), isang pambansang NGO na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga sa reproductive health. Pagkatapos ay naging organizer ako sa komunidad ng klinika. Tumulong akong mag-organisa ng mga talakayan para sa mga kababaihan sa komunidad tungkol sa family planning at reproductive health.



## Pakikipagrelasyon

Nagkaroon ako ng serye ng mga boyfriend na madalas nanghingi sa akin ng pera. Noong nasa edad 20 ako, naranasan kong bugbugin ng boyfriend ko dahil sa selos at kawalan ng pera. Noong ako ay nasa edad 30, nakipag live-in ako sa boyfriend ko na adik sa shabu (methamphetamine). Nagsumikap ako para kumita ng pera para matustusan ang mga bisyo niya. Araw-araw siyang nagsa-shabu at binubugbog niya ako kapag wala akong maibigay na pera sa kanya. Dalawang taon akong nagtiis kasama siya. Pagkatapos nito, nagkaroon naman ako ng isa pang kasintahan na minsan o dalawang beses sa isang linggo lang ako binibisita. Ayaw din niyang makita ng publiko na magkasama kami. Madalas siyang humingi ng pambili ng pagkain at alak para sa kanya at sa mga barkada niya. Tumagal kami ng mahigit sa isang taon.

Pero dumating ang punto na napagod ako at nawalan na ng interes sa pakikipagrelasyon sa mga lalaki. Naisip ko na paulit-ulit lamang ang ganitong klase ng relasyon—relasyong panandalian at umiikot sa pang-aabuso at pagtataksil. Ngayon sa pagtanda ko, napagtanto ko na ginamit lang ako ng mga lalaking minahal at inalagaan ko. Hindi ako nagkaroon ng kasiya-siya o perpektong relasyon, ako lagi ang nasa talo, bilang bakla.

## Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Pag-asa sa Hinaharap

Sa puntong ito ng buhay ko na ang edad ko ay malapit na maging 60— wala akong ipon, kulang ang kinikita ko para sa mga pangunahing pangangailangan ko, at may posibilidad pa na ma-demolish ang bahay na tinitirhan ko ngayon. Kaya kahit marami nang nararamdaman sa pangangatawan, kailangan ko pa rin magtrabaho. Naglalaba at naglilinis ako ng bahay ng mga kaibigan at matatandang kakila ko, dalawa o tatlong beses sa isang linggo. Kumikita ako ng 500 piso sa isang araw.

Kung babalikan ko ang nakaraan, sana ay nagtapos ako ng pag-aaral, nagkaroon ng matatag na trabaho, at nag-ipon para sa aking pagtanda sa halip na inubos ang perang pinaghirapan ko sa pagtustos sa mga naging karelasyon ko.

Noong nagka-pandemya, hindi ako nakatanggap ng ayuda mula sa gobyerno dahil single daw ako at walang pamilya. Noong 2021 lamang ako nakatanggap ng ayuda dahil inilista ko bilang pamilya ang mga pamangkin ko. Dapat ay nagbibigay ng tulong ang gobyerno sa mga nakatatandang walang pamilya.







### Mensahe sa mga Kabataang LGBTI


Ang mga kabataang LGBTI ay dapat mag-aral nang mabuti hanggang makapagtapos. Huwag malulon sa buhay na puro kasiyahan at magawi sa ugaling bahala na. Paghandaan ang pagtanda. Hindi na maibabalik ang panahon ng kabataan. Sa iyong pagtanda, walang tutulong sa iyo kahit mga kapatid, kamag-anak o kaibigan kung wala kang pera. Ang nakatatandang LGBTI persons na walang pera ay itinuturing na pabigat lamang. Natutunan ko na walang magmamahal at mag-aalaga sa iyo kundi ang sarili mo lamang.



# Iman

bakla, 61, Manila City, may trabaho

## Marapat tayo sa isang kahanga-hanga at makabuluhang buhay.



### Lumaking Bakla

Namulat ako sa aking sekswalidad noong Grade Four ako, sampung taong gulang. Ang aking lola ang nag-alaga sa akin. Lumaki ako sa bahay niya. Mayroon kaming kapitbahay na sundalo, mga mahigit 20 taong gulang siya noon. Minolestiya niya ako. Noong una, ito ay inosente. May mga bagay na sinasabi sa akin na hindi ko na inusisa. Ngunit nagsimula siyang humiling ng higit pa. Dahil bata pa ako, wala akong alam. Ginawa ko lahat ng sinabi niya sa akin. Sinabihan niya akong huwag sabihin kahit kanino ang ginagawa namin at sinunod ko naman siya, wala akong pinagsabihan sa mga nangyari. Huminto lamang ito nang siya ay na-deploy sa malayong lugar. Nang umalis siya, napagtanto ko na nagustuhan ko pala ang lahat ng ginawa namin ng lalaking iyon sa isa't isa.

Ipinagpalagay ng aking pamilya na ako ay bakla dahil sa paraan ng aking paggalaw at pag-arte. Tinutukso ako ng mga kapatid ko dahil sa hindi ko pagkilos ng panlalaki. Habang lumalaki ang katawan ko, tumanda din ang isip ko. Doon lang nawala ang sakit ng panlalait ng mga kapatid ko.

Hindi ko inamin kahit kanino ang tungkol sa aking sekswalidad maliban sa aking ina. Matinding nerbiyos ang naramdaman ko nang umamin ako sa aking ina pero nadoble ang ginhawa ko nang isang libong beses nang sabihin niyang, 'Kahit ano ka pa, anak pa rin kita.' Bukod sa kanya, wala na akong pinagsabihan nito, kahit mga kaklase at mga kaibigan ko. Hindi alam sa paaralan ko na ako ay bakla. Hindi ko inilantad ang tunay na pagkatao ko sa paaralan dahil ayokong ma-bully. Noong nanalo ako bilang Mr. Junior noong prom namin, walang nakakaalam na bakla ako.

### Buhay sa Trabaho

Nagtrabaho ako bilang mananahi ng mga damit pambabae sa Pilipinas, kung saan marami sa aking mga katrabaho ay bakla rin. Nagpatuloy ako sa pagtatrabaho sa industriya ng pananamit nang pumunta ako sa Middle East, gumawa ng mga gown at kasuotan para sa mga taga-Saudi. Ang aking pinagtatrabahuan ay kadalasang binubuo ng mga babae at iba pang bakla, kaya naging kumportable ako at tumagal nang walong taon. Mahirap ang trabaho pero talagang nag-enjoy ako. Naramdaman ko ang aking pagiging bakla noong nagpunta ako sa Saudi Arabia. Pagbalik ko sa Pilipinas, kahit walang dahilan, naisip ko na magpatingin sa doktor. Dito ko nalaman ang kalagayan ng kalusugan ko na magpapabago ng buhay ko. Hindi ko inakala na mangyayari ito sa akin. Nagpositibo ako sa HIV.

## **Buhay na may HIV At Aktibismo**

Nabalisa at nawalan ng direksyon ang buhay ko nung malaman kong HIV positive ako. Anim na taon akong walang ginawa. Hindi na ako bumalik sa ibang bansa. Ngunit noong 2002, nagsimula akong maging isang HIV activist. Nakilala ko ang organisasyong kinabibilangan ko ngayon. Sabi ko sa sarili ko, kailangan may gawin ako habang may oras pa.

## **Pakikipagrelasyon**


Noong bata pa ako, ang pinakamatagal kong relasyon ay umabot ng anim na taon. Ngayon sa 60 taong gulang na ako, mayroon akong tinatawag na friend with benefits na karelasyon ko mula noong 2016. Ang aking kasama ay isang kaibigan at kapwa HIV positive. Pinili kong magkaroon ng ganitong uri ng relasyon sa isang taong nasa katulad kong sitwasyon dahil ayaw kong magtago ng anuman at, dahil pareho kami ng kalagayan, mas mauunawaan namin ang mga paghihirap ng isa't isa. Noong bagong diagnose siya, ako ang gumabay sa kanya. Noong hindi matatag ang trabaho niya, nagsama kami sa iisang bahay. Ngayon ay may matatag na siyang trabaho sa isang bangko.

Ang tawag ko sa kanya ay kasama at hindi partner o boyfriend dahil siya ay 39 taong gulang lamang at ako ay naman ay 60 na. Malaki ang agwat ng edad namin. Baka may makilala siyang ka-edad niya at mahaba pa ang buhay niya kaysa sa akin. Isa ito sa mga dahilan kung bakit gusto ko ang open relationship. Minsan hindi natin mapipigilan ang pagseselos sa relasyon, pero ang mahalaga ay mayroong pagkakaibigan.

## **Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Pag-asa sa Hinaharap**

Wala akong masyadong pinagsisisihan sa buhay ko maliban sa hindi ako naging maingat at nagkaroon ako ng HIV. Pero marami akong nagawang magagandang bagay. Ako ay isang aktibista sa loob ng 20 taon, na nagpapataas ng kamalayan sa HIV. Nagkaroon ako ng maraming kaibigan tulad ng mga matatandang HIV positive na walang support system tulad ko, at mga namayapa na. Ako ay may HIV sa loob ng 27 taon na, kaya ako ay naniniwala na may plano ang Panginoon para sa akin, dahil kung wala, hindi ako mabubuhay nang ganito katagal.

Ang susunod kong proyekto ay ang pagbuo ng mga tahanan para sa mga nakatatandang LGBTIQ+ persons at mga nakatatandang LGBTIQ+ persons na may HIV. Kung matapos ko ang proyektong ito, magiging kahanga-hanga at makabuluhan ang aking pagreretiro. Kapag nagretiro na ako, bibili ako ng rocking chair at nanamnamin ang sariwang hangin sa kanayunan habang inaalala ang mga masasayang araw ng batang si Iman.



### Mensahe Para sa LGBTI Youth

Kailangan mo talagang i-enjoy ang buhay habang bata ka pa. Huwag gawing hadlang ang iyong sekswalidad. Kailangan natin gamitin ang buhay na binigay sa atin dahil minsan lang tayo mabubuhay.



Photo credit: Ging Cristobal

# Donnah

bakla, 50, Sorsogon City, may trabaho

**Naniniwala ako na kailangan nating maging mabuting tao at maging matapang sa pagharap sa mga hamon ng buhay.**

## Lumaking Bakla

Lumaki ako kasama ang apat kong kapatid sa isang magulong buhay. Lumaki akong nakikipaglaro sa mga babae, nagluluto, at naglalaro ng Chinese garter. Kailanman ay hindi ako kinilala ng pamilya ko at hindi itinuring na kabilang sa kanila. Mula edad na 11, namuhay ako kasama ang lola kong mapagmahal at may malaking takot sa Diyos. Hindi niya ako itinakwil kahit ako ay bakla. Tanggap niya na malambot ang aking pagkatao at tiniyak niya, na habang nabubuhay siya, maaari akong mabuhay nang ayon sa aking kagustuhan. Siya ang naging guro ko sa buhay. Ginabayan niya ako para maging mabuting tao. Tinuruan niya akong magsimba at magrosaryo. Hindi tulad ng karamihan sa mga bata na kasing edad ko noon, nag-enjoy ako at gustong-gusto kong dumalo sa misa.

Noong Grade Five o Six, na-sodomize ako ng aking ninong. Nangyari ito noong nakatira ako sa aking lola. Hindi ko sinabi kahit kanino, kahit sa asawa at mga anak niya. Palagi niya kami binibisita ng lola ko. Binibigyan niya ako ng pera at mga regalo. Para kaming may sikretong relasyon. Tumigil na siya sa ginagawa niya sa akin noong pumasok ako sa kolehiyo.

Naging mahirap ang buhay ko noong mamatay ang lola ko. Sa lansangan, sinisigawan ako ng mga tao, Bakla! Ipako siya sa krus! Pero noong lumaon, nasanay na rin ako. Tinanggap ko na kapag bakla ka, dapat laging handa kang ma-bully. Pero may mga pagkakataon, na lumalaban din ako. Kapag lumalaban ako, tumitigil sila.



## Buhay sa Trabaho At Aktibismo

Mayroon akong BS (Bachelor of Science) degree sa Education. Wala akong planong maging guro, pero noon sa probinsya namin sa Sorsogon, tatlo lang ang mga kurso na maaaring pagpilian—education, commerce, at secretarial. Nagturo ako ng anim na buwan sa isang pribadong paaralan pagkatapos ay tumigil na ako sa pagtuturo.

Habang nag-aaral sa kolehiyo, nakatira ako kasama ang isang grupo ng mga nakatatandang bakla na nagmamamay-ari ng mga salon. Para akong baby nila, at tinuruan nila ako ng propesyunal na paggupit ng buhok. Noong 25 anyos ako, inanyayahan nila akong sumali sa isang salon at maging hairdresser. Mula noon hanggang ngayon, ito na ang aking propesyon at kabuhayan.

Noong ako ay nasa edad 30, ako ay nahalal na maglingkod ng tatlong termino sa barangay. Siyam na taon akong naglingkod. Noon ko napatunayan na ang mga bakla ay may lugar at halaga sa komunidad at sa lipunan. Nakuha ko ang respeto ng mga tao sa pamamagitan ng matapat na paglilingkod at pakikipaglaban para sa kung ano ang tama.

## Pakikipagrelasyon

Ang huling relasyon ko ay tatlong taon na ang nakakaraan. Naghiwalay kami dahil nabuntis ng ex-boyfriend ko ang isang babae at pinakasalan niya ito. Nung nalaman ko yun, sobra akong nasaktan. Buong gabi akong umiyak. Pero pinili kong magpatawad at magpatuloy sa buhay. Inimbitahan at dumalo naman ako sa kasal nila at naging ninong pa ng anak nila. Ilang taon na akong single. Hindi ako takot mag-isa, dahil sa isip ko, naranasan ko na ang lahat ng dapat maranasan at naranasan ko na lahat ng gusto ko. Ano pa ba ang katatakutan ko?



## Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Pangarap para sa Hinaharap

Kung bibigyan ako ng pangalawang pagkakataon, pipiliin ko pa ring maging hairdresser. Dahil kung wala ang mga tao sa buhay ko na nakilala ko sa pamamagitan ng pag-aayos ng buhok, hindi ako magiging kung sino ako ngayon. Sinisikap kong mamuhay nang malayo sa karamdaman. Umiwas ako sa mga bagay na nakaka-stress. Iniiwasan ko ang pag-inom at pagpupuyat. Nagsasaya ako kasama ang aking mga kaibigan at nag-iipon para sa panahon ng agarang pangangailangan ng pera. Pagkatapos ng pandemya ng COVID-19, bumabalik na ang mga regular na kliyente sa salon.

Natatakot ako sa pagtanda. Kapag umabot na ako sa edad na kailangan kong humawak ng tungkod para makalakad, sa tingin ko ay ma-dedepress ako. Minsan naiisip kong wakasan na lang ang buhay ko kung umabot ako sa puntong hindi ko na kayang alagaan ang sarili ko. Malaking tulong sa akin ang pagdarasal dahil ako ay taong hindi nagsasabi ng kalooban sa ibang tao. Lahat ng negatibong kaisipan at damdamin ay nawawala sa sandaling pumasok ako sa simbahan, pumikit, lumuhod, at pagdaupin ang aking mga palad. Hindi ako madaling magtiwala sa mga tao dahil maraming beses na akong naloko. Ngunit ang tanging pinagtitiwalaan ko ng buong puso ay ang Diyos. Ang aking pananampalataya ang umakay sa akin upang matulungan ang aking nawalay na kapatid na babae nang siya ay na-stroke at tanggapin ang mga kamag-anak na nangangailangan nang bukas ang mga kamay kahit na hindi ako nasusuklian.



# Melay

transgender woman, 57, Sariaya Municipality, Quezon Province,  
isang entrepreneur

**Maging beauty queen sa isip,  
salita, at gawa.**



## Lumaking Trans

Ang pagkahilig ko sa mga beauty pageant ay impluwensya ng aking ina. Nagustuhan niya ang Miss Universe, at sabay kaming nanonood sa aming telebisyon. Pinagmamasdan ko ang aking ina habang naglalagay siya ng makeup. Noong elementarya, naglalagay ako ng blush-on noong umakyat ako sa entablado upang tanggapin ang aking sertipiko sa Grade Six. Tumataas ang kumpyansa ko sa sarili ko kapag nakikita kong napakaganda ng kulay rosas na mga pisngi ko.

Nasa Grade 5 pa lang ako, alam ko nang bakla ako. Ayaw kong pumasok sa banyo ng mga lalaki at mas gusto ang mga kaibigang babae. Buti na lang at hindi ako nakaranas ng diskriminasyon. Wala akong naging kaaway o nakaranas ng pambu-bully noong nag-aral ako sa isang coed na elementarya at maging sa isang all-boys high school. Nagustuhan nila ako dahil hindi ako maingay, magulo, o malandi.

Noong high school, nag-aral ako sa San Sebastian, isang all-boys school. Noong unang taon ko, sinabihan kami ng aming mga guro na bawal ang acting gay at pagiging malambot. Taong 1980 noon, walang naglaladlad pero nalaman ko na mayroong apat na gay sa klase ko at naging magkakaibigan kami. Hindi kami na-bash ng mga kaklase naming, sa halip ay natuwa sila sa amin.

Habang nag-aaral, palihim akong sumasali sa mga beauty contests. Noong 1982, sa edad na 15, nanalo ako sa Miss Young Pageant, ang aking unang pageant. Ginamit ko ang aking tunay na pangalan sa entablado sa halip na gumamit ng pangalan ng isang celebrity. Itinatago ko sa cabinet ng mga damit ang mga trofeo mula sa mga beauty contest para hindi makita ng mga magulang at kapatid ko, ngunit kalaunan ay nahalungkat ito ng mga kapatid kong babae at nalaman ng mga magulang ko nang ipinakita ng kapatid ko sa aking ina ang larawan ko sa isang pageant. Pinagalitan ako ng mga magulang ko.

Sa isa sa aking maraming gay pageant, nadiskubre ako at naimbitahan ng mga entertainer na pumunta sa Japan. Sa edad na 17, ilang araw pagkatapos ng graduation ng high school, umalis ako papuntang Japan. Sinubukan pa ng aking ama, na isang abogado, na sirain ang kontrata pero kalaunan ay pumayag na palayain ako. Hindi ko nagustuhan ang buhay ko sa Japan. Ito ay walang katapusang rehearsals at palabas. Masyado pa siguro akong bata para sa buhay na iyon dahil nanonood pa rin ako ng mga cartoons at nakayakap sa mga stuffed toy para matulog.



Nang bumalik ako sa Pilipinas mula sa Japan, nag-iba na ang pamilya ko. Malaking isyu sa kanila ang malaking pagbabago sa aking itsura at katawan. Ayon sa kanila, tanggap naman nila ako pero kung maaari ay huwag magsuot ng damit pang babae.

### **Buhay sa Trabaho At Aktibismo**

Pinili kong manirahang mag-isa at umupa ng apartment sa Pasay City. Dahil hindi ako nakapag-aral ng kolehiyo, naging regular performer ako sa mga gay bar sa Metro Manila, nagtrabaho sa isang beauty salon, at naging make-up artist sa isang bar sa kahabaan ng Roxas Boulevard hanggang sa magkaroon ako ng sariling salon business. Nagtrabaho din ako sa isang ad agency.

Noong ako ay nasa mahigit 30 taong gulang, nagtayo ako ng salon business na may walong branches kasama ang aking pinsan. Sobra akong napagod, mentally at physically kaya sa huli ay nagsara kami ng anim na branches.

Noong 2013, naging miyembro ako ng Sariaya 13hundred, ang unang gay association sa probinsya ng Quezon (Southern Luzon). Ang Sariaya 13hundred ay mag-50 taon na sa 2023. Naglunsad kami ng mga proyekto para sa mga LGBTIQ persons at nagbibigay ng mga serbisyo sa buong komunidad. Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, inayos ko ang pamamahagi ng mga food packs (bigas, de-latang pagkain, kape) sa mga LGBTIQ people.

Noong 2022, sumali ako sa Golden Beki sa pamamagitan ni Rey, isa sa mga founder. Nais kong suportahan ang kanyang adbokasiya, ang kanyang pananaw, at pangarap na makapagtayo ng isang silungan para sa mga matatandang LGBTIQ persons.



## Pandemya ng Covid-19

Nang mangyari ang pandemya ng COVID-19, dalawang branches na lang ng aking negosyo ang natitira. Sinubukan kong iligtas ang mga ito ngunit nagsara na rin. Ang ekonomiya ay talagang bagsak. Sa huli, kinailangan kong bitawan ang aking dalawang salon.

Noong 2021, pumunta ako sa Maynila para alagaan ang tatay ko na may sakit. Nanatili ako sa bahay niya sa loob ng sampung buwan hanggang siya ay pumanaw sa edad na 96. Noong panahong din na iyon, nagkaroon din ako ng mga personal na problema sa kalusugan—nagkaroon ako ng gastritis at gallstones. Ang aking aplikasyon sa Social Security benefits (SSS) ay tinanggihan, at kailangan kong magbayad ng libu-libong piso para sa operasyon sa gallbladder.

## Mga Pagmumuni-muni sa Pagtanda At Pag-asa sa Hinaharap

Sa kasalukuyan, sa edad na 57, namumuhay ako ng simple sa aking tahanan na malayo sa maliwanag at mabilis na buhay sa lungsod. Prayoridad ko ang aking kalusugan at ang aking kapakanan. Hindi ako naninigarilyo o umiinom. Hindi ko inasahan na tatanda akong mag-isa. Nagsisisi ako dahil hindi ako nakahanap ng partner. Nagsisisi ako na masyado akong naging mapili sa paghahanap ng partner sa buhay. Ngayon na ako ay matanda, napagtanto ko na ang pagkakaroon ng isang tao sa iyong buhay ay mas mahusay kaysa sa wala. Noong nasa 30s at 40s ako, dapat ay naghanap ako ng partner na Pilipino, ngunit hindi ko iyon naisip.

## Mensahe Para sa LGBTI Youth

Ang mga alaala ng ating kabataan ay dapat na maging paalala sa atin na lumipas na ang panahon, nagbago na ang mga bagay, at dapat tayong matutong umangkop sa bagong kabanata ng ating buhay. Kailangan nating bawasan ang masama upang mapanatili ang mabuti at alagaan ang mga bagay na dapat ingatan.



# Donna

transgender woman, 52, Cabanatuan City, walang trabaho

## Ang pag-ibig ang bumubuo ng isang pamilya.

### Lumaking Trans

Ako ay itinakdang lalaki noong ako ay ipinanganak, ngunit mula edad 7, alam ko na ako ay babae at ito ang pagkakilala ko sa aking sarili. Tanggap ng pamilya ko ang aking pagkatao, ngunit umalis ako sa aming tahanan sa edad na 13 dahil sa mga parusang dinanas namin ng aking mga kapatid mula sa aming ama. Isang beses, kaming magkapatid na lalaki ay hinuli ng aming ama at nilunod kami hanggang sa umamin kaming nagnakaw ng 20 pesos. Muntik na kaming mamatay.

### Buhay sa Trabaho

Nagtrabaho ako bilang make-up artist sa mga entertainment places at kalaunan ay naging dancer, female impersonator, at drag performer sa mga gay bar sa Roxas Boulevard sa Manila. Gamit ang pekeng pasaporte, pumunta ako sa Japan noong 14 anyos ako para magtrabaho at kumita nang mas malaki. Umuuwi ako sa Maynila kada tatlong buwan para magbakasyon. Nagkaroon ako ng boyfriend na African American na sumuporta sa akin sa pagpapaopera (gender affirmation surgery) sa Japan, ngunit noong screening, sinabi ng mga doktor na masyado pa akong bata. Pagkalipas ng ilang taon, nagkaroon ako ng top surgery na ginawa sa Japan.



## Buhay Pamilya

Sa isang bakasyon ko sa Maynila, nakilala ko si Gina (hindi niya tunay na pangalan), na naging partner ko sa buhay. Kahit na naoperahan na ako, niligawan ko si Gina. Wala akong pakialam kung mukha akong babae. Noon, inaasahan nilang sa lalaki lang ako magkakagusto. Wala akong pakialam na pareho kami ng kasarian (cisgender woman si Gina, transgender woman si Donna). Tiwala ako na mamahalin niya din ako. Hindi ko ikinahihiya kung sino ako. Nagsimula kami ng aming pamilya. Ang aming mga anak ay hindi kailanman nagkaroon ng problema dahil ang kanilang papa ay mukhang babae o dahil ako ay isang mananayaw at impersonator ng babae.

Nagsimula akong magkaroon ng mga problema sa kalusugan nang maging apat ang anak ko. Sa pagkakaroon ng apat na anak, kailangan kong kumayod nang husto sa trabaho. Bukod sa pagiging drag performer at dancer, nagbenta ako ng processed meat at nag-make-up at hairdressing para madagdagan ang kita para sa pamilya ko. Nagkaroon ako ng gout sa aking mga tuhod. Namamaga ang mga ito, kaya masakit ang paglalakad at pagsasayaw. Naging mas mahirap magtrabaho.

Masyado akong nakatutok sa paghahanapbuhay kaya madalas ay wala ako sa bahay. Naging malungkot si Gina. Naging agresibo at abusado siya sa akin. Nalaman ko na may karelasyon siyang lalaki. Naramdaman ko ang galit, pagkalito, lungkot, at pagsisisi. Nagsisisi ako na napabayaang ko ang mga pangangailangan niya pero hirap akong tanggapin na nagmahal siya ng iba. Inakala kong tatanda ako na kasama siya. Nung naghiwalay kami, gumuho ang mundo ko. Na-diagnose ako na may heart failure. Nawalan na ako ng pag-asang mabuhay. Kahit lumipas na ang tatlong taon, hindi pa rin ako maka-recover. Nananakit ang katawan ko dahil sa gout at masakit ang damdamin dahil sa pagtataksil ng asawa ko. Na-depress ako. Dalawang beses na akong nagtangkang magpakamatay.

Ang aking dalawang nakatatandang anak ay nag-aral sa kolehiyo habang ang aking dalawang nakababatang anak ay nanatili sa aking biyenan sa Estados Unidos dahil hindi ko sila maalagaan. Hanggang ngayon ay nasa US pa rin ang aking dalawang nakababatang anak at patuloy ang komunikasyon namin. Hindi namin nakakalimutang batiin ang isa't-isa kung may birthday at binibisita nila ako pag dumadalaw sila sa Pilipinas.

Noong Abril 2021, namatay ang aking ama, sumunod na namatay ang aking kapatid noong Hunyo. Parehong silang namatay mula sa paglaki ng puso, ang parehong kondisyon na mayroon ako. Nakatira ako ngayon sa aking ina kasama ang aking bunsong kapatid, bayaw, at pamangkin.

## Mga Pagninilay sa Pagtanda

Pagkaraan ng mahabang panahon na magkahiwalay, magkaibigan na muli kami ni Gina. Suportado at lubha akong ipinagmamalaki ng aking mga anak. Ipinagtatanggol nila ako sa sinumang mang-insulto sa akin at sa aking pagkatao. Sana ay maging mabuting lola ako sa dalawang taong gulang kong apo.



# Cora

transgender man, 66, person with disability, Quezon City,  
kasalukuyang nagtatrabaho bilang part-time security guard

**Hindi hadlang ang aking kapansanan upang harapin ang mga hamon sa buhay dahil may kakayahan akong mabuhay.**



## Lumaking Trans at may Kapansanan

Labing-tatlo kaming magkakapatid at ako ang pang-siyam. Ang aking mga magulang ay nagtrabaho bilang tagapag-alaga sa isang pampublikong sementeryo. Nalaman ko na transgender ako nang magka-crush ako sa kaklaseng babae noong high school. Tomboy ako at madalas mapagalitan sa bahay. Nagagalit ang tatay ko pag nakasuot ako ng bestida. Pinapalo naman ako ng nanay ko pag nakapantalón ako. Kakaiba naman ang tingin sa akin ng mga kamag-anak ko.

Tinamaan ako ng polio noong bata pa ako. Ito ang naging dahilan ng pag-ikli ng isang paa ko. Sa paaralan, nakaranas ako ng pambu-bully dahil sa aking kapansanan. Pupunitin ng mga kaklase ko ang test paper ko, pinapatid ako, hanggang sa madapa. Madalas ay napapaaway ako sa paaralan. Pag-uwi ko naman sa bahay, binubugbog ako ng mga kapatid kong lalaki dahil nakikipag-away ako sa paaralan.

High school lang ang natapos ko. Hindi ako nakapag kolehiyo dahil hindi kaya ng aking mga magulang na pag-aralin kaming 13 magkakapatid sa kolehiyo.



## Buhay sa Trabaho

Hindi ako sumama sa mga kaibigan ko na mag-aral ng kursong secretarial dahil gusto ko talagang maging mekaniko. Nang ipalam ko sa aking mga magulang na gusto kong maging mekaniko, sinabi nila na mapanganib ito at maaari akong masaktan dahil sa aking kapansanan.

Sa edad na 32, naging kolektor ako ng taya sa sugal. Nagtinda din ako ng mga gulay, prutas, damit at gamit sa bahay. Ang kinikita ko ay pinangtutustos ko sa mga pangangailangan ng mga pamangkin ko.

Nahirapan akong maghanap-buhay noong tumama ang Covid19 pandemic dahil sa mga lockdowns. Hindi naman nagtagal, nagkaroon ako ng trabaho bilang security guard sa isang village at kumikita ng 1000 piso kada buwan (mga 20 US dollars sa kasalukuyang halaga ng palitan). Nagtatrabaho pa rin ako bilang guard hanggang sa kasalukuyan.

## Pakikipagrelasyon

Sa edad na 36, nakipagrelasyon ako sa isang babae. Hindi pumayag ang pamilya ko at pinaalis ako ng aking ama at mga kapatid sa bahay. Naghiwalay kami ng partner ko noong 1997.



## Mga Pagninilay sa Pagtanda

Napakaliit ng kinikita ko ngayon bilang isang security guard, hindi ito sapat upang mabayaran ang mga buwanang bayarin tulad ng tubig at kuryente. Minsan, isang beses lang akong kumain sa isang araw. Hindi rin ako makapagpa-check-up dahil wala akong pamasaha. Nahihirapan na rin akong maghanap ng trabaho dahil bukod sa matanda na, trans man ay may kapansanan pa. Minsan, tumatanggap ako ng iba't-ibang trabaho sa barangay at sumasahod ng 300 pesos sa isang araw.

Nakakaranas din ako ng diskriminasyon sa mga programa ng gobyerno bilang isang nakatatandang transman. Halimbawa, noong kasagsagan ng COVID-19, hindi ako nakatanggap ng anumang tulong pinansyal o social pension bilang isang taong may kapansanan o bilang isang senior citizen.

Buong buhay ko, habang kumikita bilang bet collector, hindi ako nakapag-apon para sa sarili ko dahil tumutulong ako sa pang-araw-araw na pangangailangan ng aking mga pamangkin. Kung babalikan ko ang nakaraan, dapat sinigurado ko na nakapag-apon ako para sa sarili ko.






# Ibrahim

lesbyana, 57, Davao City, may trabaho

**Kahit anong mangyari, dapat tulungan at alagaan ang iyong pamilya bilang pagtanaw ng utang na loob sa kanila.**



## Lumaking Lesbyana

Mula grade three, alam kong tomboy ako. Ngayong 57 na ako, walang nagbago. Nasa murang edad pa lang ako, lantad na ako sa aking pamilya at mga kaibigan. Hindi na ito bago sa kanila dahil mula pagkabata, nakikita na nila ito mula sa aking pagkilos at pananalita.

Ako ang ikasiyam sa sampung magkakapatid. Dahil ang tatay ko lang ang kumikita, hindi niya kayang suportahan ang buong pamilya ng kanyang trabaho. Ang aking ina ay palaging may sakit at hindi makalakad. Noong high school, inatasan ako ng aking ama at mga kapatid na alagaan ang aming ina, dahil pangalawa ako sa bunso. Hindi ko alam kung ito ay dahil tomboy ako, at ipinapalagay na hindi naman ako magkakapamilya. Pero wala akong magawa. Huminto ako sa aking pag-aaral at inalagaan ang aking ina.

## Trabaho at Buhay Pamilya

Noong tumanda ako, umalis ako sa Davao City at pumunta ng Maynila at nagtrabaho bilang janitor. Bukod sa paglilinis, kasama sa trabaho ang pagbubuhat ng mabibigat na bagay kaya pagkaraan lamang ng ilang buwan, nag-resign ako at umuwi sa Davao. Mas gusto kong manirahan sa probinsya kaysa sa siyudad. Ang Maynila, kahit saan bahagi ay masikip at maingay. Pagbalik ko sa Davao pinakiusapan ako ng pamangkin ko na alagaan ang bagong panganak na sanggol niya. Pumayag ako na alagaan ang sanggol kaya mula noon ay hindi ako muling umalis ng Davao.



## **Pakikipagrelasyon**

Sa edad na 22, nagkaroon ako ng unang seryosong relasyon. Siya ay mula sa isang mayamang pamilya. Parehong tutol ang aming pamilya sa aming relasyon. Ito ang unang pagkakataon na hindi sumang-ayon ang aking pamilya sa isang bagay na ginawa ko. Tutol sa akin ang pamilya ng girlfriend ko dahil tomboy ako, at ikinatuwiran nila na walang mapapala ang girlfriend ko sa relasyon namin. Wala akong trabaho noong nililigawan ko siya. Hindi rin ako nakapagtapos ng high school. Naramdaman kong tama ang mga magulang niya. Kaya tinapos na namin ang relasyon. Naniniwala ako na ang pamilya ang mauna. Ang pagsama at pag-aalaga sa aking pamilya ang layunin ko sa buhay.

## **Mga Pagninilay Sa Pagtanda**

Sa edad na 56, ako ngayon ay may kapansanan sa pandinig. Binabawasan ko ang pag-inom ng alak at sinisikap kong mamuhay nang mas malusog. Nagbibinata na ang apo na inalagaan ko. Ako na rin ang nag-aalaga sa dalawa kong ate. Lahat sila nakatira sa akin. Ang aking dalawang nakatatandang kapatid na babae ay nakatanggap ng maliit na pensiyon mula sa gobyerno nang sila ay umabot sa 60, hindi kasama sa perang natanggap nila ang pambili ng maintenance medicines. Ang aking pamangkin, ang ina ng aking apo, ay nagtatrabaho sa ibang bansa upang magpadala sa amin ng pera. Bukod sa kanyang buwanang suporta, mayroon kaming maliit na tindahan sa bahay. Ang tindahan ang pinagkakaabalahan ko.

Miyembro ako ng lesbian group na Lez Be Friends. Kami ay namimili, pumupunta sa palengke nang magkakasama, nagbibigay at tumatanggap ng payo mula sa isa't isa, at naglulunsad ng mga charity events. Sobrang komportable ako sa grupo. Itinuturing ko na silang pangalawang pamilya ko kung saan pakiramdam ko ay kabilang ako at maaaring maging masaya sa kabila ng aking mga responsibilidad at pagsubok sa buhay. Dahil sa grupo ko, natuto akong magpakumbaba at makisama sa lahat, at alalahanin na kahit saan ako magpunta, mayroon akong kaibigan.

## **Mensahe Para sa LGBTI Youth**

Dapat tayong maging patas at tapat sa ibang tao. Maaaring hindi tayo ang pinakamaswerte, ngunit mayroon tayong mga kaibigan na higit sa isang libong bagay ang halaga. Hindi natin dapat kalimutan ang Diyos, na nagbigay sa atin ng buhay, mabuting kalusugan, lakas, at kung ano ang mayroon tayo. Dapat tayong magkaroon ng pananampalataya at maging mabuting tao.



# Thyra

transgender woman, 68, Quezon City, kasalukuyang walang trabaho

## Ang buhay ay isang bahaghari ng pag-ibig at pag-asa.

### Lumaking Trans

Madalas akong kinukutya ng mga tao dahil sa pagiging transwoman ko pero wala akong magawa kaya't lahat ng sakit ng kalooban ay kinikimkim ko na lamang. Naranasan ko rin ang madalas na pambubugbog ng aking ama dahil sa pagiging trans ko.

### Trabaho at Buhay Pamilya

Sa edad na 12, napilitan akong lumayas sa aming bahay sa Surigao dahil sa pambubugbog ng aking ama. Nanirahan ako sa aking mga kamag-anak sa ibang probinsiya. Nagtatrabaho ako sa isang panaderya para suportahan ang sarili ko. Pagkaraan ng mga pitong buwan, nakipag-ugnayan sa akin ang aking ina at kinumbinsi niya akong bumalik sa Surigao.

Sa edad na 15, sinabihan ako ng aking mga magulang na pumunta sa Quezon City kasama ang aking mga kapatid dahil sa mahirap ang buhay. Sa Quezon City, nakitira kami sa isang tiyahin. Sinabi niya sa amin na kakainin lang kami ng kung anong natirang pagkain nila, kaya umalis ako at pumunta sa Angeles City (sa gitnang Luzon) upang manirahan sa isa pang kamag-anak. Nakahanap ako ng trabaho sa isang bar bilang taga-entertain ng mga customers.

Nakilala ko ang isang Black American military officer na humiling sa akin na maging girlfriend niya ngunit tumanggi ako dahil hindi ako marunong magsalita ng Ingles. Nang maglaon, nagkaroon ako ng mga boyfriend na ginamit lang akong tagabili ng pagkain at pang-inom nila. Naubos sa kanila ang sweldo ko at wala akong naipon.



Sa edad na 43, bumalik ako sa Quezon City. Nakilala ko ang isang konsehal ng lungsod at nakahanap ako ng trabaho bilang tagapaglinis sa kanyang opisina. Naging regular akong empleyado at kumikita ng humigit-kumulang 7,000 pesos sa isang buwan (mga 140 US dollars sa kasalukuyang halaga ng palitan). Tumagal ako ng halos pitong taon sa trabahong ito.

Pagkatapos ng trabaho sa paglilinis ng opisina ng konsehal, wala na akong nakuhang trabaho na may sweldo. Nauwi ako sa pag-aalaga sa aking mga pamangkin na walang natatanggap na suweldo. Binibigyan lang ako ng pera para sa day-out ko. Nakatira pa rin ako sa isang kamag-anak sa Quezon City at umaasa sa mga donasyon mula sa mga kamag-anak, pamilya, simbahan, barangay, at mga kaibigang bakla para sa ayuda. Minsan, nakakarinig ako ng masasakit na salita mula sa mga kamag-anak ko dahil wala akong pera.

Gawain ko ang mag-volunteer sa simbahan at sa barangay, kapalit nito ay nakakakuha ako ng libreng bigas at mga bitamina. Sumasama ako sa mga aktibidad ng senior citizen ng aming barangay para maging abala ang aking sarili at maibsan ang aking pangungulila at takot. Minsan, nagkikita-kita rin kami ng mga kaibigan kong bakla.

### **Mga Pagninilay sa Pagtanda**

Kung iisipin, mahalaga talaga na magkaroon ng sariling ipon, magkaroon ng sariling bahay, at matutong makisama sa iba upang may tutulong sa iyo sa oras ng iyong pangangailangan. Maging bukas sa pagtanggap ng mga paghihirap dahil ang buhay ay hindi palaging kulay rosas, mayroon ding kalungkutan. Ang mahalaga ay gumawa ng mabuti para sa iyong sarili at sa iyong pamilya.



# Jean

transgender woman, 59, Cebu City, hindi regular ang trabaho

## Sikaping magkaroon ng magandang buhay.



### Lumaking Trans

Mahirap ang buhay, galing sa mahirap na pamilya. Higit pa rito, hindi ako tanggap bilang isang transgender na babae. Ang diskriminasyon at pang-aabuso na naranasan ko ay nagpabigat sa akin sa buong buhay ko at nagpadilim ng pananaw ko sa buhay at pag-ibig.

Ang aking ama ay nagtrabaho bilang porter sa barko. Noong Batas Militar (1972 hanggang 1986 sa ilalim ng dating pangulo, Ferdinand Marcos), nakatira kami sa Plaza Independencia, malapit sa pier. Ang aming bahay ay giniba dahil kami ay mga informal settlers. Wala kaming choice kundi lumipat sa ibang lugar. Kahit saan kami nakatira, ganoon pa rin. Hindi ako tinanggap.

Mula edad na sampu, alam ko na sa sarili ko na babae ako. Hindi ito nagustuhan ng mga kapatid ko at ng tatay ko. Pinilit nila akong maging lalaki, kung ano man ang ibig sabihin ng 'lalaki' sa kanila. Inuutusan ako ng mga kapatid ko na suntukin ang puno ng saging dahil ito marahil ang magpapakita ng aking pagkalahati. Tuwing may mga bisita kaming bakla, tinutukso nila kami, kinukutya, at tahasang ipinapahayag ang kanilang pagkasuklam sa mga katulad namin. Kinaiinisan nila kami dahil pangit daw ang pagiging bakla.

Minsan, hinabol kami ng aking kapatid at ng kanyang mga kaibigan ng palakol, na nagbabantang papatayin ako at ang aking mga kaibigang bakla na para bang ang pananakot sa amin ay mapipigilan kaming maging bakla. Minsan naman, isinama ako ng mga kapatid ko sa dagat para manghuli ng hipon, na ikinabubuhay nila. Palagi silang umaalis sa hatinggabi o bago sumikat ang araw. Isinama nila ako at iniwan mag-isa sa dagat. Isa iyon sa maraming paraan nila ng pagtuturo sa akin kung paano maging isang 'tamang lalaki.' Sa tuwing hindi sila nasisiyahan sa aking ginawa, madalas ay nakakaranas ako ng suntok sa mukha. Binubugbog nila ako dahil sa tingin nila makatwiran ang kanilang ginagawa.

Ang mga taon ng pang-aabuso at diskriminasyon ay nagtulak sa akin na magkaroon ng maraming isyu. Marahil iyon ang dahilan kung bakit nasa edad 40 na ako noong magkaroon ako ng seryosong relasyon. Hindi nagustuhan ng mga kapatid ko ang partner ko dahil sa tingin nila ay pineperahan lang ako at ito ay nangangahulugan na hindi na ako magbibigay ng pera sa kanila. Hindi ako pumipirmi sa bahay namin, mas madalas sa bahay ng mga kaibigan ko ako tumutuloy. Pinapakain nila ako nang libre at bilang pagpapasalamat, tumulong ako sa paglilinis ng bahay. Sa totoo lang, hindi ko itinuturing na tahanan ang tahanan ng pamilya ko. Mas gusto ko pang makasama ang mga kaibigan ko kaysa sa mga sarili kong kamag-anak.

### **Buhay sa Trabaho**

Nagtrabaho ako bilang kasambahay. Kumikita ako ng 15 pesos kada buwan. Iba't ibang klase ng tao ang nakakasalamuha ko at ang iba ay hindi gaanong mabuti. Dahil sa kawalan ng ipon, madalas bumabalik din ako sa aking pamilya.

Unti-unti, naghanda akong tuluyang humiwalay sa aking pamilya. Tinuruan ako ng mga kaibigan kong bakla kung paano ang propesyunal na paraan ng paggupit ng buhok. Utang ko ang lahat ng mayroon ako ngayon sa aking mga mahuhusay na kaibigang bakla. Umiikot ako sa iba-ibang komunidad para makapag gupit. Sa isang araw ay nakaka sampung customers ako. Noong 1980s, tatlong piso ang bayad sa gupit.

Nang manalo ng 200,000 pesos sa isang patimpalak ang aking kapatid na welder, nagbahagi siya ng tig 5,000 pesos (mga 100 US dollars) sa bawat isa sa aming mga kapatid, kasama na ako. Gamit ang perang ito bumili ako ng kagamitan para simulan ang aking hairdressing career. Pagkatapos ay nag-ipon ako ng pera para itayo ang aking negosyo.



## **Pandemya ng covid-19**

Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, nawala sa akin ang lahat. Sinubukan kong kumita sa pamamagitan ng pagbibigay ng hairdressing home service sa aking mga regular na customer ngunit wala akong pera para kahit pambili ng load sa cellphone at hindi ako makapunta sa mga bahay ng mga customer sa panahon ng mga lockdown nang walang quarantine pass.

Ang kapitan ng aming barangay ay nag-isyu ng utos na ang mga may-ari lamang ng bahay ang maaaring makatanggap ng COVID relief aid. Hindi man lang ako pinayagang magparehistro para sa social assistance program ng aming barangay. Mabuti na lang at dalawang beses akong binigyan ng 6,000 pesos na cash aid ng mga barangay officials na nakakakilala sa akin.

## **Mga Pagninilay Sa Pagtanda**

Ako ngayon ay 58 taong gulang na. Nakatira ako sa isang maliit na barong-barong na walang tubig o kuryente. Walang sinuman sa aking mga kamag-anak ang bumibisita sa akin. Ang tanging nagpapasaya sa akin ay ang aking apo na nakatira sa akin. Siya ay anak ng aking pamangkin na mula sa isang unwanted pregnancy.

Sa barangay ng Pardo, kung saan ako madalas nakatira ay mayroong isang LGBT group na hinimok ng kapitan ng barangay. Noon lang matapos ang pandemic na pinili kong sumali. Ang kaibigan ko sa LGBT group ay may foundation para sa mga nakatatanda. Kapag may mga activities sila, sumasali ako dahil masaya, lalo na kapag may libreng pagkain at transportasyon. Naggugupit ako at nag-istyle ng buhok ng mga nakatatanda. Kapag matanda na ako at hindi na makapagtrabaho, umaasa akong mamuhay nang kumportable sa foundation ng aking kaibigan.

Matagal na akong sumuko sa paghahanap ng makakasama. Madalas kong tinatanong sa sarili ko kung bakit ako ginawang lalaki ni Lord, kung sa loob ko, alam kong babae ako. Tanggap ko na, na ako lang mag-isa.

## **Mensahe Para sa LGBTI Youth**

Magsikap ka para maging maganda ang buhay mo. Huwag palaging umaasa sa iyong mga magulang. Magsikap sa iyong sarili. Sarili mo lang ang maaasahan mo hanggang sa huli. Pahalagahan ang iyong sarili nang higit sa lahat.



# King

transgender woman, 63, Quezon City,  
kasalukuyang walang trabaho o pinagkakakitaan

**Ang simpleng buhay ay  
mas masaya kung may  
trabaho at ipon.**



## Lumaking Trans at may Kapansanan

Buong buhay ko, sa Quezon City ako nakatira, kasama ang aking pamilya. Ako ang ikaapat na anak sa sampung magkakapatid. Sa edad na limang taong gulang, mahilig akong makipaglaro sa mga babae. Noong pitong taong gulang ako, isinusuot ko ang mga damit ng aking kapatid na babae kaya alam ko noon na ako ay isang transgender girl. Laking pasasalamat ko na tinanggap ako ng pamilya ko bilang ako. Ako ay may kapansanan, nagkaroon ako ng polio noong bata pa ako. Hindi ako nakatapos ng high school dahil sa aking pisikal na kapansanan. Mahaba ang paglalakad papunta sa paaralan, nahirapan akong magsuot ng sapatos, at hindi ako makakapasok sa paaralan na naka-tsinelas, at palagi akong nahihilo sa klase.

Sa edad na 16, huminto ako sa aking ika-apat na taon sa high school nang magpasya ang aking ina na tumigil na ako sa pag-aaral. Hiniling niya sa akin na tulungan na lamang siyang magbenta sa kanyang maliit na stall sa palengke. Pinupuri ako ng mga tao sa komunidad dahil malaking tulong daw ako sa aking ina sa kanyang negosyo at mga gawaing bahay.





## Trabaho at Buhay Pamilya

Noong huling bahagi ng 1980's, nasa edad 30 ako, kinuha ako ng kaibigan kong bakla na magtrabaho bilang assistant cook sa isang fast food eatery sa Quezon City. Tumagal ako ng tatlong taon sa fast food na ito pero kinailangan kong mag-resign dahil hiniling ng nanay ko na huminto ako sa pagtatrabaho para mag-asikaso sa limang nakababatang kapatid na nasa high school at elementary pa lamang noong mga panahon na iyon. Nakatira na siya sa aking nakatatandang kapatid na babae sa Estados Unidos. Ang tatlo kong kapatid ko naman ay may sarili nang pamilya. Ako na ang bumalik ng pag-aalaga sa mga nakababata kong kapatid. Naghanda ako ng pagkain nila, namamamalengke, at naglinis ng bahay.

Noong 1990, bumalik ako sa pagtatrabaho dahil nagtayo ng karinderya at catering business ang best friend kong bakla. Ito ang pinagkunan ko ng kita sa loob ng walong taon hanggang sa mamatay ang matalik kong kaibigan. Na-depress ako nung mamatay siya kaya huminto muna ako sa pagtatrabaho. Tatlong taon bago ang pandemya ng COVID-19, noong ako ay 57 taong gulang, nagtrabaho ako ulit. Kinuha ako ng aking pinsan bilang tagapagluto sa ibang karinderya at nagtrabaho ako doon ng tatlong taon.

## Pakikipagrelasyon

Noong 2000, nakilala ko ang isang lalaki at sa kalaunan ay tumira siya sa amin kasama ang aking pamilya sa loob ng 16 na taon. Tinanggap nila kami bilang mag-asawa. Pero kinailangan naming maghiwalay ng landas noong 2016 nang malaman kong nabuntis niya ang isang babae. Hindi na ako nagkaroon ng relasyon pagkatapos noon.

## Mga Pagninilay sa Pagtanda

Sa aking pagbabalik-tanaw sa aking kabataan, masaya ako dahil nagkaroon ako ng trabaho at kita, ngunit ngayon ay medyo nalulungkot ako dahil wala akong trabaho. Senior citizen na ako pero wala akong natatanggap na suporta mula sa gobyerno bilang senior citizen. Sa panahon ng pandemya ng COVID-19, nawalan ako ng trabaho nang magsara ang karinderya at nahirapan akong tustusan ang aking pang-araw-araw na gastusin. Hindi ako nakatanggap ng tulong mula sa gobyerno bilang isang senior citizen o isang taong may kapansanan. Nakatanggap lang ako ng emergency aid na ibinigay sa mga taong apektado ng pandemya.



Hindi ako nakapag-ipon ng pera dahil halos lahat ng kinikita ko noon ay napunta sa pambili ng pagkain para sa aking pamilya. Naglalaan lang ako ng sapat na pera para sa aking transportasyon, papunta at pauwi sa aking trabaho. Malaking tulong ako sa pamilya ko noon.


Ngayon ay abala ako sa pag-aalaga sa aking 84-anyos na ina pagkatapos niyang bumalik sa Pilipinas mula sa US. Bagama't natatanggap ng aking ina ang kanyang pensiyon na inaasahan namin para sa pang-araw-araw na pangangailangan, hindi ito maaasahan sa hinaharap. Nahihirapan akong maglakad dahil sa aking kapansanan at mayroon akong cardiovascular disease at hypertension. Nag-aalala ako sa kalusugan ko lalo na't wala akong pambili ng mga maintenance medicines ko.

Wala akong smart cellphone, Facebook, finance accounts na GCash/Cebuana, o bank account. Sumali ako sa isang grupo ng senior citizen ngunit hindi ako miyembro ng anumang grupo ng LGBTI persons. Lubos akong nagpapasalamat sa proyektong ito (kasama ang EnGendeRights at Outright International) dahil nakakonekta ako sa mga organisasyon ng LGBTI persons at sa Quezon City Social Services Development Department.

### Mensahe Para sa LGBTI Youth

Sa aking pagbabalik-tanaw sa aking kabataan, sana nagsimula akong mag-ipon ng pera noong bata pa ako. Mahirap tumanda na walang ipon. Ang payo ko sa mga kabataan ay mag-aral kayong mabuti para magkaroon kayo ng magandang kinabukasan.





**Ginintuang Bahaghari:  
Mga Kwento ng Pagdurusang, Katapangan,  
Tungkulin at Pagmamahal ng mga  
Nakatatandang Filipino LGBTI Persons**

Mga Manunulat/Editor:

Ging Cristobal

Clara Rita Padilla

Annette Visbal

Grace Poore

